



Tinatawagang Pansing ang Mga Retailer at Mga Vendor ng Pagkain at Inumin

30 Enero 2019

## **OPISYAL NA PAUNAWA IPAPATUPAD ANG BAGONG BATAS SIMULA HULYO 1, 2019**

Naipasa ng Lungsod at County ng San Francisco ang Single-Use Foodware Plastics, Toxics, and Litter Reduction Ordinance (File No. 181004), na magbabawal sa pagbebenta at/o paghihigpitan ang pamamahagi ng mga plastic foodware accessory at ipinagbabawal ang toxic fluorinated chemicals sa compostable paper (o iba pang plant fiber) na foodware.

Malaki ang kontribusyon ng mga kubyertos at kainan na minsan lang ginagamit (single-use foodware) sa pakakalat, polusyong sanhi ng plastik, at dumi sa karagatan; at mahirap itong ma-compost o ma-recycles sa three bin (pagkakaroon ng tatlong magkakaibang tapunan) na sistema ng Lungsod.

Para sa higit pang mga resource at impormasyon tungkol sa ordinansang ito at kung paano mababawasan ang paggamit ng single-use foodware, bisitahin ang: [SFEnvironment.org/reduceplastic](https://sfenvironment.org/reduceplastic).

### **MGA RETAILER:**

**Simula Hulyo 1, 2019**, hindi na puwedeng magbenta ang mga retailer ng single-use na mga plastic stirrer, plastic na beverage plug, plastic na cocktail stick o plastic na toothpick. **Simula Enero 1, 2020**, lahat ng nako-compost na foodware at straw na ibinebenta sa San Francisco, tulad ng papel o iba pang natural fiber na mga to-go container, grease resistant na papel, at mga paper plate, ay dapat na certified na Biodegradable Products Institute (BPI). Nakalista ang mga certified na produkto sa [products.bpiworld.org](https://products.bpiworld.org).

### **MGA VENDOR NG PAGKAIN AT INUMIN:**

#### **Paghihigpit sa Straw**

**Simula Hulyo 1, 2019**, paghihigpitan ang single-use na mga plastic na straw, kabilang ang nako-compost na mga plastic na straw. Kabilang sa mga tinatanggap na mga alternative na single-use ang natural fiber (hal., papel). Magiging available lang ang lahat ng tinatanggap na mga single-use na straw kapag hiniling. Maaari lang ibigay ang single-use na plastic na straw sa isang customer na partikular na humiling ng plastic na straw para mapagbigyan ang kapansanan o medikal na pangangailangan.



#### **Ban sa Mga Plastic na Accessory**

**Simula Hulyo 1, 2019**, hindi na maaaring magbigay ang mga vendor ng pagkain at inumin ng mga single-use na plastic stirrer, plastic na beverage plug, plastic na cocktail stick, at plastic na toothpick. Kabilang sa tinatanggap na alternatibong single-use ang natural fiber (hal., papel, kawayan, kahoy, atbp.) at maaari lang maging available kapag hiniling o sa isang self-service na lugar.



### Lahat ng Mga Accoesory sa Pagkain at Inumin:

**Simula Hulyo 1, 2019**, ipinagbabawal ang awtomatikong pagsasama ng mga accessory ng pagkain at inumin sa mga order ng customer para sa dine-in, take-out, o delivery. Maaari lang magbigay ng mga single-use na stirrer, beverage plug, sleeve, takip, utensil, pack ng condiment, at napkin kapag hiniling o sa isang self-service na lugar.



### Pamantayan sa Nako-compostn Foodware:

**Simula Enero 1, 2020**, dapat na certified na BPI ang lahat ng nako-compost na foodware tulad ng papel o natural na fiber na mga to-go container, grease resistant paper, at paper plate. Gumamit lang ng mga produktong na-certify na nakalista sa [products.bpiworld.org](https://products.bpiworld.org). Hindi kailangang certified na BPI ang mga napkin, stirrer, splash stick, cocktail stick, toothpick, or utensil na gawa sa natural na fiber tulad ng papel.



### MGA MADALAS ITANONG (FAQ)

#### Paano makikinabang ang negosyo sa batas na ito?

Maaaring makatipid ang mga vendor ng pagkain sa pamamagitan ng pagbabawas ng dami ng mga single-use na straw at iba pang mga accessory ng foodware na kanilang binibili sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga ito kapag hiniling lang ng customer (kabilang ang self-serve). Ang mga negosyong boluntaryong nagbawas ng single-use foodware, katulad ng pag-aalok ng mga item kapag hiniling lang, ay nakapagpakita na nabawasan ang mga gastos sa pagbili at gastos sa pagkolekta ng basura.

#### Anong uri ng mga straw ang tinatanggap sa San Francisco?

Tinatanggap ang single-use na papel o iba pang natural na fiber na mga straw o reusable na straw, tulad ng babasagin, silicon, kawayan, o metal. Partikular na nababatid ng ordinansa na maaaring kailangang magbigay ng mga negosyo ng single-use na mga plastic na straw sa mga taong may kapansanan o medikal na pangangailangan kapag hiniling. Dapat na maghintay ang mga negosyo para sa isang tao na humiling ng plastic na straw bago magbigay ng isa. Ipinagbabawal ang nako-compost na mga plastic na straw (PLA) dahil parang conventional na plastic ang mga ito sa ating kapaligiran kapag naitapon.

#### Ano ang BPI certification at bakit ito kinakailangan?

Ang BPI (Biodegradable Product Institute) ay isang third-party na samahan na nagse-certify na ang mga produkto ay nasubok nang walang kinikilingan at na-verify na nakakaabot sa mga pamantayang scientific na nakabatay (ASTM) na nako-compost sa mga pang-industriyang pasilidad sa programa ng San Francisco. Ang BPI certification ay ang tanging North American certification na sumisiguro na ang mga item na pumapasok sa compost stream ay tunay at ganap na nako-compost. Ang mga produktong na-certify na BPI ay walang plastic na hindi nako-compost at sa Enero 1 2020, ay walang sinadyang idinagdag na mga toxic fluorinated chemical.



**SF Environment**  
Our home. Our city. Our planet.  
A Department of the City and County of San Francisco



SFEnvironment.org  
(415) 355-3700  
Isinulat ito sa 100% na gamit na't ni-recycle na papel.